ABISO:

PAID SICK DAYS ACT: PITTSBURGH
CITY CODE CHAPTER 626

Alinsunod sa Paid Sick Days Act (ang “Act”) ng Lungsod ng Pittsburgh, ang mga Employer ay dapat magkaloob sa mga karapat-dapat na Empleyado ng Paid Sick Time para mapangalagaan ang sakit, pinsala, o kondisyong pangkalusugan ng empleyado ng miyembro ng pamilya nito; o sa kaganapan ng isang emergency sa pampublilkong kalusugan o pagkakalantad ng miyembro ng pamilya sa isang nakakahawang sakit. (Basahin ang Pittsburgh City Code, §626.04 para sa kumpletong listahan ng mga pinapahintulutan na gamit; mangyaring basahin rin ang Act at Mga Patnubay na ipinalabas para sa pamamahala ng Act para sa mga naaangkop na depinisyon.)

BUOD NG MGA KARAPATAN PARA SA PAID SICK TIME		
EMPLOYER LAKI (Huling labindalawang (12) buwan)	Mas kaunti sa labinlimang (15) mga empleyado	Labinlimang (15) o higit pang mga empleyado

ACCRUAL RATE NG SICK TIME SA ILALIM NG ACT	1 oras na Paid Sick Time para sa bawat 35 oras na naitrabaho sa loob ng mga heograpikong boundary ng Lungsod ng Pittsburgh. **TALA: Sa unang taon makalipas ang Petsa ng Bisa, ang Unpaid Sick Time ay dapat mag-ipon sa rate na ito.**	1 oras na Paid Sick Time para sa bawat 35 oras na naitrabaho sa loob ng mga heograpikong boundary ng Lungsod ng Pittsburgh.
ACCRUAL CAPS SA ILALIM NG ACT (Tala: ang inyong Employer ay maaaring magkaroon ng mas magandang patakaran para sa mga leave.)	Hindi hihigit sa 24 oras ng Paid Sick Time sa Taong Batay sa Kalendaryo maliban na lang kung magtalaga ang Employer ng mas mataas na halaga. **TALA: Sa unang taon makalipas ang Petsa ng Bisa na nakalista sa ibaba, ang Unpaid Sick Time ay dapat mag-ipon sa rate na ito.**	Hindi hihigit sa apatnapung (40) oras ng Paid Sick Time sa Taong Batay sa Kalendaryo maliban na lang kung magtalaga ang Employer ng mas mataas na halaga.
PETSA NG BISA	Marso 15, 2020	Marso 15, 2020

Ang paghihiganti laban sa Mga Empleyado na humilin o gumamit ng naipon na Sick Time ay ipinagbabawal. Kung sa palagay ninyo na nalabag ang inyong mga karapatan dahil tinanggihan kayo ng karapatan na makapag-ipon o gamitin ang naipon na Sick Time, kayo ay may karapatan na magsapa ng reklamo sa Office ng Equity ng Mayor. Para sa karagdagang impormasyon o para magsampa ng reklamo mangyari lang bumisita sa https://paidsickleave.pittsburghpa.gov.

Unang Petsa ng Pagpapalabas: 12/16/2019

Petsa ng Binagong Pagpapalabas: 12/17/2019